

Ateneo de Manila University

Archium Ateneo

Filipino Faculty Publications

Filipino Department

2012

"Alamat ng isang awit" at iba pang tula

Michael M. Coroza

Follow this and additional works at: <https://archium.ateneo.edu/filipino-faculty-pubs>



Part of the [Poetry Commons](#)

“ALAMAT NG ISANG AWIT”
AT IBA PANG TULA

Michael M. Coroza

Alamat ng Isang Awit

Saan ba nanggagaling
ang isang awit? Sa puso
diumano ng tigib-hinagpis
o sa diwang bagaman batbat
ng hinalat sumbat ay nagkikibit-
balikat sa hindi maampat
na liwag at liwanag.

Maaari rin sigurong biyaya ito
mulang langit—maningning na kerubin
na lumapag at nagtiklop ng pakpak
upang magpabukad ng ngiting
sinlawak ng habang buhay na pangarap
at magpahalimuyak ng sutil na pananalig
at hangad makalipad.

Ano nga ba kasi ang isang awit?
Higit marahil sa himig o titik,
higit sa sasál o bagal ng pintig,
bunsong talinghaga ito ng isang
makata na sa husay maghimala
ay hindi masupil magsupling
ang salit-salit na salita.

Troso

Nakalulunod ang nakalulunos
Na balita tungkol sa nagdaang unos.
Isang buong bayan ang lumubog
At naanod lahat ang mga bahay at búhay.

Sakay ng helikopter, itinutok ng reporter
Ang kamera sa mga nakalutang na troso
At bangkay sa kulay-tsokolateng delubyo
Sa paanan ng isang bundok na kalbo.

Sa iskrin ng telebisyon, mahirap mapagwari
Kung tao o troso ang nangakalutang.
Ganito rin siguro ang tanaw ng may-ari
At mga utusang utak-de-motor-na-lagari.

Kahoy lang talaga ang kanilang itinutumba.
Tao ba 'ka mo? Huwag ka ngang magpatawa.

Ibong Sawi

*Ako'y isang ibong sawi na hindi na makalipad
At sa puso'y may sugat, wala pang lumingap;
Inabot ng hatinggabi sa madilim na paglipad,
Saan kaya ngayon ang aking pugad?*

Musika ni Juan Buencamino at letra ni Jose Corazon de Jesus

Sa isang sulyap mo, ako'y napapitlag.
Sa isang ngiti mo, ako'y nagkapakpak.
Sa isang kaway mo, ako'y pumagaspas.
Sa isang tapik mo, ako'y nakalipad.

Inawitan kita, ika'y napaluha.
Niligiran kita, ika'y napamangha.
Niluksuhan kita, ika'y natulala.
Dinapuan kita, ika'y nagbunganga.

Sa isang irap mo, ako'y nabulabog.
Sa isang ismid mo, ako'y nagkagapos.
Sa isang palis mo, ako'y bumulusok.
Sa isang tampal mo, ako'y nabusabos.

Kaninang Umulan

Kanina, bumuhos nang kainaman ang ulan
at humampas nang napakalakas ang hangin.
Halos humapay ang mga punò at halamang
mga paslit waring kakawag-kawag sa pagtutol
sa katigasan ng inang paliguan sila.

Mag-aalas tres pa lamang, ngunit mistulang pasado
alas-sais ang paligid. Napuyog at naanod sa kanal
ang pagmamadali na kani-kanina ay nagpapasidhi
sa alinsangan at laksang alinlangan sa lansangan.

Kung hindi nakapayong, nakapandong ng peryodiko
o kartong walang pag-aatubiling hinablot o dinampot
kung saan ang mga nasukol ng sama ng panahon—
bubulong-bulong, nagsusumbong wari sa tumutulòng
bubong ng saydwok bendor o sa nag-uulap-ulap
na salamin ng gilid ng gusaling pinagkanlungan.

Inagaw ng ulan ang aking pansin mula sa mapaglagom
at makulay na iskrin ng kaharap na kompiyuter.
Sa tanggapang kinalalagyan sa ikatlong palapag, panatag
ang lahat at tuloy ang gawain may bagyo man at dilim.

Hindi ko napigilang lumapit sa lagusang-tanaw
na bintana. May kung anong humila o nagtulak
sa akin upang saksihan ang ulan.

At umalingawngaw sa gunita ang hagikhik ng mga paslit—
hubo't hubad na lumuhod-tumayo-tumalon sa pagsahod
sa biyayang búhos ng langit: walang agam-agam,
walang muwang ang talampakan sa lawa ng lansangan.

Hanggang sa bangungot-waring kumatok, pumasok ang tagapagdulot ng umaasóng kape. Nakangunot na tangô ang tugon sa kaniyang pagyukod. Birtud ang matapang na pampagising ngayong naninibat, nanunumbat ang gawaing nakabinbin sa kompiyuter.

Nang muling lumingon at lumapit ako sa lagusang-tanaw na bintana: Lumipas na ang ulan. Nagdudumali na naman ang lahat sa lansangan. Kasabay ng hiningang nagbunton ng ulap sa nakahadlang na salamin, nagpundo ang dilim sa ituktok ng bundok sa isang sulok ng haraya: sigwa na ibig kong sarilinin sakali't di mapipigil ang pagdating.

Panglaw

Kung tunay mang may pook na sagana sa lahat ng pangangailangang ilampung ulit na higit sa batayán at pangunahin, naliligid ng pasadyang pananggalang sa nangakaumang o sisibasib na panganib, laging may tulad kong hinding-hindi papanatag.

Sapagkat hindi maililihim ng lamlam ng mata na laging may kulang at sayang. Laging may nawawala na dapat hanapin. Laging may palihim at alanganing tinatanaw: malayong pook na ga-tuldok sa balintataw.

Laging kailangang lunukin ang sulak ng lungkot at pasakan ang budhi ng bulak na tubóg sa paglimot. Laging kailangang papaniwalain ang sarili na wala nang wala upang matanggap na langit ang nasapit.

Sapagkat ang totoo, nagniniyebe ang dibdib at hindi maiunat ang gulugod sa masidhing sandali ng pangungulilang nanunuot sa kalansay at humihimay sa málay. At may halik, haplos, at yapos ng sinauna't walang muwang na pag-irog na ginuguniguni, sinusumbatan, inaawitan.

Bakit pipiliin ko at higit na hahangaring manatili sa isang pook na salat maging sa alat? Sapagkat dito ko natutuhan kung paano manimbang, tumimbuwang, humakbang. Dito ako napapalagay. Dito ko ibig humimlay.

Dito ko nakakasiping ang panaginip na tahip ng minulang sinapupunan na dambana ng mga antigo't kabisadong ritwal na ginagampanan kong banal, itinatanghal noong diumano'y bago tinangay, sinaway, at pinasayaw ang laya't layaw sa litanyang lagutok ng isang libo't isang nakayuyukayok na himutok.